PAGBABAKUNA LABAN SA COVID-19 PAPEL-KAALAMAN

Oktubre 2021



BAKIT KAILANGAN MONG MAGPABAKUNA LABAN SA COVID-19?

- Ang mga pagbabakuna laban sa COVID-19 ay nakapagligtas ng libu-libong mga buhay
- Ang mga bakuna ay lubusang sinuri at binuo na hindi nagkompromiso sa kaligtasan, kalidad at pagkamabisa bago naaprubahan ang mga ito para gamitin sa Australya
- Ang mga bakunado ay mas malamang na hindi magkasakit nang malubha, maospital o mamatay dahil sa COVID, at mas malamang na hindi makahawa sa iba. Ang COVID-19 ay isang sakit na nakamamatay, at kahit na hindi ka mamatay, daranas ka ng nakakatakot na karanasan, masamang pakiramdam at kahirapan sa paghinga. Maraming mga tao ang nagkakaroon ng di-kanais-nais na mga epekto (tinatawag na matagalang COVID-19) na tatagal ng maraming buwan
- Ang pagbabakuna ang paraan upang makuha nating muli ang mga kalayaan na nais at kailangan mo.

MGA TANONG NA NASAGUTAN:

MAY MGA SIDE-EFFECT BA ANG PAGBABAKUNA LABAN SA COVID-19?
Maaari kang magkaroon ng bahagyang mga side effect matapos mabakunahan, ngunit karamihan sa mga side effect ay tumatagal lamang ng ilang araw.

MAAAPEKTUHAN BA NITO ANG PAGBUBUNTIS O PERTILIDAD?
Walang ebidensya na ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay nagsasanhi ng anumang mga problema sa pagbubuntis o pertilidad.

MAAAPEKTUHAN BA NITO ANG AKING DNA?
Hindi binabago ng mga bakuna laban sa COVID-19 ang iyong DNA.

MAY TSANSA BA NA MABIGYAN AKO NITO NG COVID-19?
Wala ni isa sa mga bakuna laban sa COVID-19 na naaprubahan sa Australya ang nagtataglay ng buhay na virus, kaya hindi ka mabibigyan ng sakit ng mga ito.

MAGKANO ITO?
Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay libre para sa lahat sa Australya na may edad 12 taon pataas.

KAILANGAN BANG AKO AY NAKALISTA SA MEDICARE?
Hindi mo kailangang maging marapat para sa Medicare upang makakuha ng libreng pagbabakuna laban sa COVID-19.

AKO'Y WALA PANG 50 TAONG GULANG, KUNG GAYON, MALAMANG NA HINDI AKO MAGKASAKIT, TAMA BA?
Mali. Ang mga yunit ng intensive care sa mga ospital ay may mga pasyente mula sa lahat ng mga grupo ng edad. Maging ang mga tao na nasa gulang na 20 taon ay nangamatay.

MANGANGAILANGAN BA AKO NG MGA BOOSTER SHOT?
Sa ngayon, bibigyan ka ng dalawang dosis ng kaparehong bakuna laban sa COVID-19. Kalaunan, maaaring irekomenda ang mga booster shot upang isapanahon ang iyong imyunidad at protektahan ka laban sa darating na mga bagong anyo ng virus (variant).

MAPIPILIT BA AKONG BAKUNAHAN?
Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay boluntaryo.

PAANO NAMAN KUNG SAAN SAPILITAN ITO?
Ang mga kagawaran ng kalusugan ng pamahalaan ay gumawa ng mga public health orders (mga kautusan sa pampublikong kalusugan) na nag-uutos na ang ilang mga manggagawa ay magpabakuna laban sa COVID-19. Ito ay para lamang sa mga taong nagtatrabaho kung saan ang panganib ng pagkalat ng sakit ay napakataas. Halimbawa, mga taong nagtatrabaho sa mga pasilidad ng kuwarentena, o kung saan kailangang may malapitang kontak sila sa ibang tao, o kung saan sila ay tumutulong sa mga mahihinang (vulnerable) mga kliyente, gaya ng nasa mga serbisyong pangangalaga ng matatanda o may kapansanan. May mga iksemsyong (exemptions) makukuha para sa mga taong may tunay na dahilang medikal kung bakit hindi sila dapat bakunahan.

KUNG TATANGGI AKONG MAGPABAKUNA LABAN SA COVID-19, ANO ANG MAAARING MAGING KONSEKWENSYA?
Sa panandaliang panahon, hindi ka pahihintulutang gumawa ng lahat ng mga bagay na maaaring gawin ng mga bakunado, ibig sabihin, ang iyong mga kalayaan ay malilimitahan. Mas masahol pa dito, ikaw ay nasa mas mataas na panganib na mahawahan ng sakit na maaaring humantong sa malubhang karamdaman o marahil sa pagkamatay.

Para sa mga sagot sa iba pang mga madalas itanong, basahin ang mga ito dito. https://www.health.gov.au/initiatives-and-programs/covid-19-vaccines/is-it-true

PAANO ANG PAG-ISKEDYUL NG IYONG APPOINTMENT PARA SA PAGBABAKUNA LABAN SA COVID-19

MARAMING PARAAN UPANG MAGPABAKUNA.
Magagamit ang **Vaccine Clinic Finder** sa online sa https://covid-vaccine.healthdirect.gov.au/eligibility?lang=en at ito ay madaling gamitin. Sagutin ang ilang simpleng mga tanong (ang iyong edad, saang estado ka nakatira, atbp) upang matingnan ang mga klinika ng bakunahan na mapupuntahan mo. Ito'y isang kumpletong listahan ng lahat ng mga klinika sa Australya. Makikita ang mga detalye ng mahigit 10,000 mga klinika ng bakunahan at kalahok na mga botika. Ito ang pinakamahusay na paraan upang magkumpara ng mga klinika, tingnan kung may makukuha pang oras at mag-iskedyul ng appointment sa iisang lugar.

O maaari mong **tawagan ang iyong lokal na doktor** o klinikang medikal at magtanong sa kanila.

Ang mga botika sa buong Australya na angkop na sinanay ay maaari na ngayong magbakuna upang protektahan ka laban sa COVID-19. Ang webpage ng **'Find a pharmacy'** sa https://www.findapharmacy.com.au/our-services/vaccination-services-covid-19 ay tutulong sa iyong humanap ng pinakamalapit na kalahok na botika sa komunidad at mag-iskedyul sa online ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang nilalamang ito ay hindi nilalayon bilang pamalit sa propesyonal na payong medikal at hindi dapat ituring bilang payong pangkalusugan. Laging hingin ang payo at patnubay ng iyong doktor o iba pang kwalipikadong propesyonal ng kalusugan tungkol sa anumang mga tanong na mayroon ka tungkol sa iyong kalusugan o kondisyong medikal.

BUSINESS AUSTRALIA